**Para sa bivalent na bakunang gawa ng Moderna (BA.1/BA.4-5) (Mayo 2023)**

# Mga tagubilin para sa bakuna sa coronavirus
## (Para sa kadagdagang pagbabakuna (pagbabakuna sa simula ng tagsibol 2023))

**Tungkol sa pagbabakuna laban sa coronavirus**

Ang bakunang ito ay bahagi ng programa sa pagbabakuna para sa coronavirus (SARS-CoV-2) ng pambansa at lokal na pamahalaan. Ang programa sa pagbabakuna ay isinasagawa gamit ang pampublikong pondo. Libre ito sa mga nagnanais magpabakuna.

**Mga epekto ng bakuna at paraan ng pagbibigay**

Ang bakuna na ibibigay ngayon ay bivalent na bakuna laban sa Omicron (kumbensyunal (orihinal) na variant at Omicron BA.1 o BA.4-5 variant) na gawa ng Moderna. Itinuturok ito sa layunin na pigilan ng ang pagsisimula, impeksyon, at paglala ng coronavirus.

Sa clinical trial na isinagawa para sa mga 18 taong gulang pataas, naiulat na ang neutralizing antibody titer pagkatapos ng 28 araw mula sa pagtuturok ng bivalent na bakuna laban sa BA.1 variant ay katumbas o higit pa sa kumbensyunal na monovalent na bakuna (orihinal na variant). Dahil dito, inaasahan na mayroon itong partikular na antas ng epekto ng pagpigil sa pagsisimula at paglala ng sakit. Gayundin, naiulat sa nonclinical trial ng karagdagang pagtuturok ng bivalent na bakuna laban sa BA.4-5 na mayroon itong epekto ng immunogenicity at pagpigil sa impeksyon mula sa mga mutated variant. Dahil dito, inaasahan na mayroon itong malawak na epekto ng pagpigil sa iba’t ibang mga mutated variant, kabilang ang BA.5. Bukod pa rito, batay sa resulta ng clinical trial ng karagdagang pagbabakuna para sa mga 12-17 taong gulang, pinalawak ang karagdagang pagtuturok ng monovalent na bakuna para sa mga 12 taong gulang pataas, kung kaya't pinalawak din ang karagdagang pagtuturok ng bivalent na bakuna laban sa Omicron variant.

| | |
|---|---|
| Pangalan ng produkto | Spikevax™ Intramuscular Injection (bivalent: orihinal na variant / Omicron BA.1 o orihinal na variant / Omicron BA.4-5 variant) |
| Bisa at epekto | Pagpigil sa nakakahawang sakit na sanhi ng SARS-CoV-2 |
| Dami ng beses at pagitan ng pagbabakuna | 1 beses (3 buwan o higit pa pagkatapos ng huling pagbabakuna) *Iniksyon sa kalamnan |
| Target ng pagbabakuna | Mga taong nakumpleto na ang una (una at ikalawang) pagbabakuna na 1) 65 taong gulang pataas 2) 12 hanggang 64 taong gulang na mayroong kronikong kundisyong medikal, mga taong kinumpirma ng doktor na may mataas ang panganib na lumala ang sakit, 3) mga health care workers at mga nagtatrabaho sa mga pasilidad para sa matatandama |
| Dosage ng bakuna | 1 beses na 0.5 mL bawat 1 beses |

- Ang pagbabakuna na ito ay maaaring ibigay, hindi alintana kung anong uri ng bakuna ang ginamit sa huling pagbabakuna. Gayunpaman, hindi ito maaaring gamitin para sa unang pagbabakuna.
- Kahit na nakatanggap ng pagbabakuna, hindi ibig sabihin na ganap na maiiwasan na magkasakit atbp. , kung kaya’t kailangan pa ring ipagpatuloy ang mga naaangkop na hakbang sa pag-iwas sa impeksyon.

**Sino ang mga hindi dapat tumanggap ng bakuna**

Ang bakunang ito ay hindi maaaring ibigay sa mga taong may malalalang karamdaman. Ipagbigay alam sa doktor sa oras ng konsultasyon sa pagbabakuna alinman sa ibaba.

- Mga taong kinakitaan ng lagnat (*1)
- Mga taong may malubha at matinding karamdaman
- Mga taong nakaranas ng matinding hypersensitivity (*2) sa alinmang sangkap ng bakunang ito
- Maliban sa mga nakasaad sa itaas, ang mga taong may mga kundisyon na hindi angkop para tumanggap sila ng bakuna

(*1) Ang kinakitaan ng lagnat ay karaniwang may temperaturang 37.5°C o higit pa. Gayunpaman, maaaring hindi ito sundin sa mga kaso kung saan itinuturing na may lagnat ang tao batay sa kanyang normal na temperatura ng katawan, kahit pa ang temperatura ay mababa sa 37.5°C.

(*2) Anaphylaxis at maraming sintomas na nagpapahiwating ng anaphylaxis, kabilang ang pangbuong katawan na mga sintomas ng balat at mucous membrane, pangangapos ng hininga, dyspnea, tachycardia, at hypotension.
Ang mga taong nagkaroon ng mga sintomas nito sa mga naunang pagbabakuna ay hindi maaaring makatanggap ng karagdagang pagbabakuna gamit ang bakunang naglalaman ng parehong sangkap.

**Sino ang dapat mag-ingat sa pagkuha ng bakuna**

Ang mga taong mayroon ng alinman sa mga sumusunod na kundisyon. Kung sa palagay mo ay nalalapat ito sa iyo, tiyakin-mong ipaalam sa doktor sa araw ng konsultasyon bago ang pagbabakuna.

- Mga taong sumasailalim ng anticoagulant therapy, mga taong may thrombositopenia o coagulation disorders
- Mga taong dating na-diagnose na may immunodeficiency, o mga taong may malapit na kamag-anak na may congenital immunodeficiency
- Mga taong may kronikong kundisyong medikal tulad ng sakit sa puso, bato, atay, blood disorder, o developmental disorder
- Mga taong nakatanggap na ng bakuna dati at nakaranas ng mga sintomas na nagmumungkahi ng isang allergy tulad ng lagnat o pangbuong katawan na mga pantal sa loob ng 2 araw pagkatapos ng pagbabakuna
- Mga taong dating nakaranas ng kombulsyon
- Mga taong maaaring magkaroon ng allergy sa mga sangkap ng bakunang ito

Kung ikaw ay buntis o posibleng buntis, o nagpapasuso, tiyaking ipagbigay-alam sa doktor sa araw ng konsultasyon bago ang pagbabakuna. Gayundinn, kahit hindi mo nakumpirma sa iyong gynecologist, kung napagpasiyahan ng doktor sa paunang pagsusuri na maaaring magpabakuna, maaaring magpabakuna.

Kung ikaw ay mayroong hypersensitivity o reaksyon ng allergy sa mga gamot dati, tiyaking ipagbigay-alam ito sa doktor sa araw ng konsultasyon bago ang pagbabakuna.

**(Magpatuloy sa likod na bahagi)**

**Ano ang gagawin pagkatapos makatanggap ng bakuna**

- Pagkatapos mabakunahan, maghintay ng higit sa 15 minuto (higit sa 30 minuto para sa mga dati nang nagkaroon ng malubhang sintomas gaya ng allergy kabilang ang anaphylaxis, o sa mga sumama ang pakiramdam o nahimatay, atbp.) sa pasilidad kung saan, nabakunahan. Kung sumama ang iyong pakiramdam, mangyaring kontakin kaagad ang iyong doktor. (Posibleng tumugon sa mga biglaang pagkakaroon ng mga masamang epekto.)
- Ang tinurukang bahagi ng braso ay dapat panatilihing malinis. Bagamat walang problema ang pagligo matapos mabakunahan, mangyaring huwag kuskusing maige ang nasabing bahagi ng braso. Gayundin, huwag pilitin ang sarili kung masakit ang katawan pagkatapos magpabakuna, iwasang magbabad sa bathtub, at subaybayan ang kalagayan atbp.
- Walang magiging problema sa pang-araw-araw na pamumuhay, subalit dapat ay iwasan ang mapuwersang pag- eehersisyo, ang labis na pag-inom ng alak, atbp. sa araw na isasagawa ito.

**Tungkol sa mga masasamang epekto**

- Kasama sa mga pangunahing masamang epekto ay ang pagsakit ng tinurukang bahagi, sakit ng ulo, sakit ng kasu-kasuan at kalamnan, pagkapagod, panginginig, at lagnat. Bihira lamang ang pagkakaroon ng mga malubhang masasamang epekto na shock o anaphylaxis. Dahil ito ay bagong uri ng bakuna, may posibilidad na magdulot ito ng mga sintomas na hindi pa malinaw sa ngayon. Kung may napansin kang anumang nakababahalang sintomas pagkatapos ng mabakunahan, kumonsulta agad sa doktor na nagbakuna o sa doktor ng inyong pamilya.
- Bagama't ito ay napakabihira, naiulat ang mga kaso kung saan pinaghihinalaang myocarditis o pericarditis pagkatapos ang pagbabakuna. Kung nagkaraoon kayo ng sintomas tulad ng pananakit ng dibdib, palpitasyon, paghingal, pagmamanas, atbp. sa loob ng ilang araw matapos mabakunahan, mangyaring magpasuri sa institusyong medikal sa lalong madaling panahon.
- Bagama't ito ay napakabihira, may naiulat na Guillain-Barré syndrome pagkatapos ng pagtuturok ng mRNA na bakuna. Kung nakitaan ka ng panghihina, pamamanhid, atbp. sa iyong mga kamay at paa pagkatapos ng pagbabakuna, mangyaring magpatingin kaagad sa medikal na institusyon.

**Tungkol sa Relief System for Injury to Health with Vaccination**

Ang pagpapabakuna ay maaaring maging sanhi ng pinsala sa pangkalusugan (pagkakaroon ng sakit o kapansanan). Bagama't ito ay, bihira lamang, hindi maiaalis ang panganib, kung kaya't itinatag ang relief system.

Kung maging sa kaso ng pinsala sa kalusugan bilang resulta ng bakuna sa coronavirus, mayroong relief (medikal na gastos, benepisyo ng pensiyon para sa kapansanan, atbp.) sa ilalim ng Immunization Act. Mangyaring kumonsulta sa munisipalidad kung saan ka nakatira tungkol sa pamamaraang kinakailangan para sa aplikasyon.

---

**Tungkol sa impeksyon ng coronavirus**

Kapag nagkaroon ng paglabas ng mga sintomas ng impeksyon sanhi ng SARS-CoV-2, makikita ang mga sintomas tulad ng karaniwang sipon, lagnat at ubo. Bagama't maraming tao ang gumagaling na may banayad na sintomas (mild symptoms) lamang, sa mga may malubhang kaso, ang mga sintomas gaya ng pulmonya, hirap sa paghinga ay maaaring humantong sa kamatayan.

**Mga katangian ng bakuna sa coronavirus na ibibigay sa pagkakataong ito (bivalent na bakuna laban sa Omicron variant (BA.1/BA.4-5) na ginawa ng Takeda / Moderna)**

Ang gamot na ito ay isang messenger RNA (mRNA) na bakuna, at ito ay isang formulation kung saan ang mRNA, na siyang blueprint para sa spike protein (protina na kinakailangan para makapasok ang virus sa human cell) ng SARS-CoV-2 (kumbensyunal (orihinal) na variant at Omicron BA.1 o BA.4-5 variant) na nakapaloob sa isang lipid membrane. Kapag inilagay ang mRNA sa human cell sa pamamagitan ng pagbabakuna ng gamot na ito, magpo-produce ito ng viral spike proteins sa cell batay sa mRNA na ito, at inuudyok nito ang paggawa ng mga neutralizing antibodies laban sa spike proteins, at pati na rin ng cellular immune responses, na ipinalalagay na makakapigil ng impeksyon na sanhi ng SARS-CoV-2.

Ang gamot na ito ay naglalaman ng mga sumusunod na sangkap.

| | |
|---|---|
| Aktibong sangkap | ✧ Elasomeran (mRNA kung saan naka-encode ang buong-haba ng spike protein ng kumbensyonal (orihinal) na variant)<br>✧ Imelasomeran o Davesomeran (para sa bawat isa, ang mRNA kung saan naka-encode ang buong-haba ng spike protein ng Omicron BA.1 o BA.4-5 variant) |
| Additives | ✧ SM-102: Heptadecan-9-yl 8 - ((2-hydroxyethyl) (6-oxo-6- (undecyloxy) hexyl) amino) octanoate<br>✧ Cholesterol<br>✧ DSPC: 1,2-distearoyl-sn-glycero-3-phosphocholine<br>✧ 1,2-Dimyristoyl-rac-glycero-3-methoxypolyethylene glycol-2000 (PEG2000-DMG)<br>✧ Trometamol<br>✧ Trometamol hydrochloride<br>✧ Glacial acetic acid<br>✧ Sodium acetate hydrate<br>✧ Refined sucrose |

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa bakuna sa coronavirus, mangyaring tingnan ang website ng Ministry of Health, Labour and Welfare.

Ministry of Health, Labour and Welfare Coronavirus bakuna | Hanapin

¦Kung hindi magagawang makita ang website na ito, mangyaring kumonsulta sa iyong lokal na munisipalidad.